# Balitang Manmin

BILANG 125 PEBRERO 1, 2015











Noong Disyembre 19, 2014, sa ganap na ika-9:50 ng gabi, idinaos ang pagpapailaw ng mga dekorasyong para sa Pasko. Libu-libong miyembro ang dumalo at nagtipon para ipagdiwang ang kaarawan ng Panginoon. Ipinalabas ang okasyong ito sa GCN. Bago ang kaganapan, napakalamig ng panahon, pero habang nagaganap ang okasyon, bahagyang uminit. Sinabi ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na hindi humihinto ang Panginoon sa pananalangin para sa atin sa kanang tabi ng Diyos. Hindi Siya kumakain ni umiinom, kaya alalahanin natin ang pag-ibig Niya, magmadali tayo sa paglago.

# Bilang Bunga ng Pag-ibig, Ipinagkaloob ang Kapangyarihan ng Muling-Paglikha

## Sinugpo ang Ebola Virus sa DR Congo, pinalitan ang kasarian ng sanggol na ipinagbubuntis, binago ang puso ng mga tao

Noong taong 2014, naging napakasaya ng mga miyembro ng Manmin, pero may mga panahon din na umiyak sila dahil naalala nila ang mga sakripisyong ginawa ng pastol para sa kanila. Dahil sa katapatan niya, nadama nila ang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon na higit pa sa iniisip nila. Nagbibigay ng malaking kagalakan sa kanila ang pag-ibig na ito pero kung minsan, hindi rin nila mapigilang mapaiyak.

Sa simula ng nakaraang taon, nagbigay ang Diyos sa iglesya ng apat na tema ng panalangin: 'Gagawin Ko' (Juan 14:13-14), 'Ministeryo' (Mga Gawa 19:12), 'Nagniningning na Santuwaryo' (Pahayag 21:2), at 'Kapangyarihan ng Muling-Paglikha' (Genesis 1:3). Maalab na idinalangin ito ng mga miyembro at ng pastol.

Gaya ng ipinaliwanag ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa mensahe niya na may titulong 'Gagawin Ko' sa taong iyon, maraming makapangyarihang pagkilos ang naganap at nagpapatuloy maganap dahil sa panalangin niya. Ipinanganak ng normal ang mga sanggol na may malaking posibilidad na maging abnormal at napalitan ang kasarian ng ibang sanggol ayon sa kahilingan ng mga magulang ng mga ito. Naunawaan ng mga miyembro ang kahulugan ng temang 'Gagawin Ko' dahil nakita nila ang mga makapangyarihang pagkilos.

Maraming tao ang gumaling mula sa mga karamdaman dahil sa makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu na nangyari sa Pulong na may Banal na Pagpapagaling sa unang gabi ng Retreat sa Tag-init ng Manmin noong nakaraang taon. Noong nagkaroon ng epidemya ng Ebola sa Equateur, DR Congo, hiniling ni Gobernador Sebastien Impeto kay Dr. Lee na ipanalangin na masugpo ang virus. Pagkatapos niyang manalangin, huminto ang pagkalat nito sa probinsya, at noong Nobyembre 15, opisyal na idineklarang nasugpo na.

Sa taong 2014, ang ministeryo ng Manmin ay aktibong isinagawa para sa kaligtasan ng hindi mabilang na mga kaluluwa. Maraming naidaos na mga pulong na may panyong nakakapagpagaling sa mahigit-kumulang 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya. Bukod dito, inanyayahan ang mga pastor ng Manmin sa maraming pagpupulong sa ibang bansa. Nanguna sila sa mga krusada at pagpupulong na may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Dahil dito, maraming gumaling mula sa kanilang mga karamdaman at tumanggap ng kasagutan sa mga problema. Ipagpapatuloy ng Manmin ang ministeryo na may panyo, at inaasahan nila na magkakaroon pa ng mga espirituwal na mandirigma sa pagsunod nila ng kalooban ng Diyos at pakikiisa sa pastol.

Tinulungan ng Diyos ang mga miyembro ng Manmin para maging espirituwal at matamo ang mabuting puso na sinisimbulo ng labindalawang hiyas na pundasyon ng lunsod ng Bagong Jerusalem. Ito ay para maitayo na nila ang 'Nangniningning na Santuwaryo'. Nadagdagan na ang mga taong espirituwal at banal, at nangyayari na ang mga bagay ayon sa sinabi ng Diyos. Sa panahong itinakda Niya, darating na ang halagang inihanda Niya, itatayo na ng Manmin ang Santuwaryo ng Canaan at ang Pinakamalaking Santuwaryo.

At patuloy na ipinapakita ang 'Kapangyarihan ng Muling-Paglikha', ito ay nagpapabago ng mga bagay sa pamamagitan ng orihinal na tinig. Dahil sa kapangyarihang ito, naganap ang iba't ibang tanda at himala – binuhay ang mga patay na espiritu, hinubog sa katotohanan ang mga puso at ugali ng mga miyembro. Ito ang kapangyarihang tumulong sa mga miyembro ng iglesya para makaabot sa pamantayan ng espiritu sa taong 2014.

Noong Disyembre 28, sa gitna ng napakadakilang pagpapala ng Diyos, nagdaos ang Manmin ng pangkalahatang pagpupulong. Batid ng mga miyembro na ang lahat ng mga biyayang tinamasa nila ay ibinigay dahil sa walang katapusang pagsasakripisyo ng pastol. Ipinakita niya ang tanda ng tunay na pagmamahal sa paghahandog ng buhay niya. Sinabi nilang hindi nila malilimutan at magpapasalamat sila sa pagmamahal na ito. Sa taong 2015, sasabayan nila ang mas mabilis na daloy ng kabanalan. Tutuon sila sa pagtupad ng pandaigdigang misyon, pagbabahagi ng ebanghelyo sa bansa, at paghahandaan ang pagtatayo ng Santuwaryo ng Canaan at ng Pinakamalaking Santuwaryo.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# "Huwag Kang Mangangalunya"

"Huwag kang mangangalunya."
(Exodo 20:14)

Ang pangangalunya ay kusang-loob na pakikipagrelasyong sekswal ng isang taong may-asawa sa hindi niya asawa. Ipinapalagay na mabigat na kasalanan ito noon. Pero ngayon, manhid na ang konsiyensya ng mga tao, hindi na mahalaga sa kanila kung kasalanan ito o hindi. Maraming gumagawa ng kasalanang ito.

Kahit puno ng kasalanan ang mundong ito, tayo, bilang mga anak ng Diyos, ay dapat manatiling gising at lumalakad sa Liwanag sa lahat ng oras (Mga Taga-Roma 13:12). Ang ika-pitong utos na nagsasabi sa atin na huwag mangalunya ay mayroong iba pang espirituwal na kahulugan na higit pa sa pagbabawal sa atin ng pangangalunya. Pag-aralan natin ito.

### Una sa lahat, iwasan ang mga hayag na gawa ng laman

Ang pangangalunyang pisikal ay isang pangkaraniwang kasalanan na nakikita. Ito ay gawa ng laman. Malinaw na sinasabi sa atin ng Biblia na ang mga nangangalunya ay hindi maliligtas (Galacia 5:19-21).

Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 6:9-10, "Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga masasamang tao ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos? Huwag kayong padaya! Ang mga mapakiapid, mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, mga mangangalunya, mga bakla, mga nakikiapid sa kapwa lalaki, mga magnanakaw, mga sakim, mga lasinggero, mga mapagmura, o ang mga manggagantso ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos."

Siyempre, maaaring bigyan ng Diyos ng pagkakataong makapagsisi ang mga bagong mananampalataya na kakaunti pa lang ang nalalaman tungkol sa katotohanan. Pero kung malalim na ang nalalaman tungkol sa katotohanan, at lantaran pa ring gumawa ng kasalanan, mahirap na para sa kanyang tanggapin ang espiritu ng pagsisisi. Binalaan tayo ng Levitico 20:10, "Kapag ang isang lalaki ay mangalunya sa asawa ng kanyang kapwa, ang lalaking nangalunya at ang babaing nangalunya ay parehong papatayin."

Bukod dito, mahigpit na ipinagbabawal ng Biblia ang pagsisiping ng hindi mag-asawa at iba pang klaseng mga relasyon sa hayop, o sa kapareho ng kasarian. Istrikto ang pagbabawal ng Diyos sa atin sa mga kasalanang ito dahil mahal Niya tayo. Samakatwid, huwag nating sundin ang kalakaran ng mundo na magpaparumi sa atin.

### Pangalawa, iwaksi natin ang pangangalunya ng puso

Sa Mateo 5:27-28, sinabi ni Jesus na lahat ng tumitingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nangalunya na sa kanyang puso.

Bago gawin ng tao ang isang kasalanan, nasa puso na nila ang kasalanang ito, nakatago. Dahil may galit sa puso, sinisiraan nila ang ibang tao. Dahil may poot sa puso, nagagalit sila. Kaya kung nasa puso natin ang pangangalunya, mangangalunya tayo.

Pangangalunya na ito kahit hindi pa ito ginagawa, nasa puso o nasa isip pa lang. May mga taong nagsasabing hindi pwedeng iwaksi ang pangangalunya ng puso, pwede lang ito pigilan. Siyempre, kung gagamitin ang sariling lakas, hindi natin magagawa ito. Pero kung tatanggapin ang lakas mula sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, pwede nating tanggalin ang likas na kasalanang ito mula sa puso natin.

Ipinutong kay Jesus ang koronang tinik at bumuhos ang mahalagang dugo Niya para mapatawad tayo sa mga kasalanan na nasa puso natin. Bukod dito, ipinadala sa atin ng Diyos ang Banal na Espiritu na tutulong sa atin na sugpuin ito. Kung masusugpo natin ang makasalanang likas, hindi na tayo magiging masama. Siyempre, madadama nating pabalikbalik ito habang dumadaan tayo sa proseso ng pagwawaksi nito. Pero kung magsisikap tayo, magtitiwala at susunod sa Salita ng Diyos, magbabago din tayo.

Pwedeng itulad sa pagbabalat ng sibuyas ang pagwawaksi ng makasalanang likas. Kahit ilang patong na ng balat ang natanggal natin, mayroon pa ring natitirang balat. Pero kung magpapatuloy tayo, wala ng matitira sa balat nito. Kung may pananampalataya tayo, hindi manghihina ang kalooban natin. Magtiwala tayo na magbabago tayo kung magsisikap tayo. Hindi magtatagal, magiging banal tayo.

Hindi tayo hahatulan ng Diyos kung sumagi sa isipan natin ang pangangalunya habang dumadaan tayo sa proseso ng pagwawaksi ng makasalanang likas. Magiging problema kung iisipin natin ito nang matagal at nalibang ang ating imahinasyon. Pero kung pinagsisihan agad natin ito matapos itong sumagi sa isipan natin, bibigyan tayo ng Diyos ng lakas at pagpapala para magsikap na magpakabanal.

### Pangatlo, huwag tayong mangalunya sa espiritu

Ang pangangalunyang pisikal at pangangalunya ng puso ay kabilang sa makalaman na pangangalunya. Pero mas nakakatakot ang pangangalunya ng espiritu. Nangangalunya ang espiritu kapag minamahal ng isang tao ang mundo ng higit sa pagmamahal niya sa Diyos kahit sinasabi niya na sumasampalataya siya sa Kanya.

Sinasabi ng Colosas 3:5-6, "Patayin ninyo ang anumang makalupa na nasa inyo: pakikiapid, karumihan, masamang pita, masamang pagnanasa, at kasakiman na ito'y pagsamba sa mga diyus-diyosan. Dahil sa mga bagay na ito ay dumarating ang poot ng Diyos sa mga anak ng pagsuway."

Kung hindi iwawaksi ng tao ang kasakiman mula sa puso niya, mas mamahalin niya ang mga bagay sa mundo kaysa sa Diyos kahit may pananampalataya siya, tinanggap na ang Banal na Espiritu, at naranasan ang kapangyarihan ng Diyos. Kung sakim siya, sasamba siya sa mga diyus-diyosan, ito ay pangangalunya ng espiritu.

Ano ang pagkakaiba ng pagsamba ng espiritu sa mga diyus-diyosan sa pangalawang utos at ng pangangalunya ng espiritu sa pampitong utos? Kasama sa pagsamba ng espiritu sa mga diyus-diyosan ang lahat ng 'bagay' na minamahal natin ng higit pa sa Diyos. Ang makalaman na pagsamba sa mga diyus-diyosan ay tumutukoy sa paggawa ng imahe ng isang taong hindi nakakakilala sa Diyos, pagkatapos, sasambahin ito. Pero kung nakakakilala sa Diyos ang isang tao at may maliit na pananampalataya, at magmamahal sa mundo nang higit pa sa pagmamahal niya sa Diyos, ito ay pagsamba ng espiritu sa mga diyus-diyosan.

Dahil maliit pa ang pananampalataya ng isang bagong Cristiano, maaaring magmahal siya ng kayamanan, kasikatan, o mga kapamilya ng higit pa kaysa sa Diyos. Ito ang nagiging mga diyus-diyosan ng espiritu niya. Pero habang natututo siya ng Salita ng Diyos at nananalangin, paniniwalaan niya na ang Salita ng Diyos ay totoo at mayroong Langit at Impiyerno. Matututuhan niya na dapat mahalin niya ang Diyos una sa lahat. Mayroon na siyang sapat na pananampalataya. Pero kung mahal pa rin niya ang mundo nang higit pa sa Diyos, at nagpapatuloy sa pagtanggap ng mga bagay na pag-aari ng kadiliman, tinatalikuran niya ang pag-ibig na tinanggap niya mula sa Diyos. Ito ay pangangalunya ng espiritu. Madalas itulad ng Biblia ang relasyon sa pagitan ng Israel at ng Diyos sa relasyon ng mag-ama. Pero kung minsan itinutulad ito sa mag-asawa na nangakong magmamahalan ng buong puso.

Pero sa kasaysayan ng Israel, maraming beses tinalikuran ng mga Israelita ang tipan ng Diyos, sumamba sila sa ibang diyos. Kilalang-kilala nila ang Diyos na nagpakita sa kanila ng maraming tanda at himala pero sumunod pa rin sila sa sariling hangarin.Tinanggap at sinamba nila ang mga diyus-diyosan ng mga Hentil. Ito ay pangangalunya ng espiritu (1 Mga Cronica 5:25).

Ang hilagang bahagi ng kaharian ng Israel ay nangalunya sa espiritu, sumamba sila sa mga diyus-diyosan. Tinalikuran sila ng Diyos at winasak. Kahit nakita ng mga nasa katimugang bahagi ng Juda ang pangyayaring ito, nagpatuloy sila sa pagsamba ng mga diyus-diyosan, hindi sila nagsisi. Kaya winasak din sila ng mga Hentil (Jeremias 3:8).

Tayong mga anak ng Diyos ang mga babaing pakakasalan ng Panginoon (2 Mga Taga-Corinto 11:2). Kung naniniwala sa Panginoon ang isang tao, tumanggap ng Banal na Espiritu, at tumatawag sa Panginoon ng 'Lalaking pakakasalan ko', pero nagmamahal pa rin sa mundo at umaayon sa kasamaan, nangangalunya ang espiritu niya (Santiago 4:4). Ang mga nagtataksil sa Panginoon at nangangalunya ay hindi Niya pwedeng pakasalan, hindi sila pwedeng sumali sa Malaking Handaan ng Kasalan.

Ito ang dahilan kung bakit mas dapat katakutan ang pangangalunya ng espiritu kaysa sa pisikal na pangangalunya. Ipagpalagay nating minura at dinuraan ng mas batang kapatid ang kuya niya. Malaking kasalanan ito, pero baka patawarin siya ng kuya niya. Pero kung gagawin ito ng isang anak sa ama niya, mahirap patawarin ang kasalanang ito.

Tulad nito, kung lalampas sa limitasyon ang pangangalunya ng espiritu, hindi siya tatanggap ng mga kasagutan sa mga dalangin niya, ilalayo siya sa Diyos. Pagkatapos, mas mababahiran siya ng mundo, gagawa siya ng kasalanan na magpapako sa krus ng paulit-ulit kay Jesu-Cristo, at lalakad sa daan patungo sa kamatayan (Sa Mga Hebreo 6, 10).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, umaasa ako na iiwasan ninyo hindi lang ang pangangalunya ng katawan, kundi pati ang pangangalunya ng espiritu. Nawa ay maghangad at puspusin ninyo ang inyong puso ng katotohanan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maggayak kayo ng walang matsa at bahid bilang mga babaing pakakasalan ng Panginoon para makasama sa Malaking Handaan ng Kasalan ng may buong galak!

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee　Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Espirituwal na 'Manna' mula sa Langit – Ibinibigay sa Mundong Parang Desyerto

Ang buhay ng mga kaluluwa ay ibinabalik at ginagawang sariwa ng malalim na pag-ibig ng Diyos na nakapaloob sa manna. Makukuha ang manna mula sa langit sa librong *'Six-day Manna'* (Manna para sa Anim na Araw). Ang layunin nito ay makatulong sa lingguhang pagpupulong ng mga 'cell groups' ng mga miyembro. Magmula ng ilathala ang librong ito 25 taon na ang nakaraan, naging malaking tulong ito sa mga taong parang nasa desyertong mundo, at dinadala sila patungo sa 'Canaan', ang lupaing umaapaw sa gatas at pulot.

Ang mas pinagbuting edisyon nito ay inilathala na. Inilalarawan ng Unang Bahagi ang pag-ibig ng Diyos at ang paglikha Niya ng tao ayon sa wangis Niya. Kasama din dito ang tungkol sa pangangalaga Niya sa kanila para magkaroon ng tunay na mga anak. Ipinapaliwanag ng Pangalawa at Pangatlong Bahagi ang tungkol kay Jesu-Cristo na Siyang daan patungo sa kaligtasan, at ang mensahe ng krus. Tinatalakay sa Pang-apat na Bahagi ang mga paraan para magkaroon at mapanatili ang tunay na pananampalataya at makamit ang perpektong kaligtasan. Ang Panlimang Bahagi ay nakatuon sa mga sukat ng pananampalataya at mga tirahan sa langit at ipinapaliwanag ng Pang-anim na Bahagi ang mga ipinagdiriwang na pista ng mga Cristiano.




Gustong mas makilala at malaman ni Dr. Jaerock Lee ang kalooban ng buhay na Diyos pagkatapos niyang makilala ito. Naghandog siya ng hindi mabilang na panalangin at pag-aayuno.

Tinanggap ng Diyos ang katapatan niya, binigyan siya ng detalyadong paliwanag tungkol sa mga bagay sa epirituwal na kaharian na nakasulat sa Biblia, tulad ng: kalooban Niya sa paglikha; mensahe ng krus; Langit at Impiyerno; sukat ng pananampalataya; at espiritu, kaluluwa, at katawan.

## 'Manna' ang pagkaing ibinigay ng Diyos sa mga Israelita sa desyerto

Gustong iligtas ng Diyos ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Ehipto patungo sa Canaan, ang lupain na umaapaw sa gatas at pulot. Pero para makapasok sa lupaing ito na puno ng biyaya, dadaan muna sila sa desyerto.

Habang nasa desyerto, sinisi nila ang Diyos sa uhaw at gutom na pinagdusahan nila kahit naranasan nila ang maraming pagpapakita ng kapangyarihan Niya sa exodo mula sa Ehipto. Nanalangin si Moises sa Diyos, at bilang sagot sa dalangin niya, ginawa ng Diyos na tubig na maaaring inumin ang tubig ng Marah para mapawi ang uhaw nila. Nagpadala din ang Diyos ng manna at pugo para mabusog sila.

Mahusay ang paglalarawan ng 'manna' sa Exodo 16:14 – "Nang pumaitaas na ang hamog, may nakalatag sa ibabaw ng desyerto na munting bagay na bilog at kasinliit ng namuong yelo sa ibabaw ng lupa." Sinasabi sa Exodo 16:31, "Iyon ay pinangalanan ng sambahayan ng Israel na manna, at iyon ay tulad ng buto ng kulantro, maputi at ang lasa niyon ay tulad ng manipis na tinapay na may pulot."

Para sa mga Israelita, ang 'manna' ay pagkain para sila mabuhay sa 40 taong paglalakbay sa desyerto (Exodo 16). Gayon pa man, para sa atin na naninirahan sa mundong parang desyerto, nagbibigay ang Diyos ng 'espirituwal na manna' – ang Salita ng Diyos. Ito ay si Jesu-Cristo na Siyang Salita na naging tao at dumating sa mundo. Nagbibigay sa atin ng buhay ang espirituwal na manna, ang Salita ng Diyos.

## 'Espirituwal na Manna'

Mababasa sa Juan 6:48-51, "Ako ang tinapay ng buhay. Kumain ng manna sa ilang ang inyong mga ninuno, at sila'y namatay. Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit. Kung ang sinuman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailanman, at ang tinapay na Aking ibibigay sa ikakabuhay ng sanlibutan ay Aking laman."

Binigyan ng Diyos ng manna ang mga anak ni Israel sa buong buhay nila sa desyerto; hinayaan Niyang mag-ipon ng manna ang mga ito sa loob ng anim na araw, at pagdating ng ikapitong araw, binigyan Niya sila ng Sabbath. Ibig sabihin, pinagpahinga Niya sila sa ika-pitong araw tulad ng pagpapahinga Niya pagkatapos ng anim na araw ng paglikha ng lahat ng bagay (Genesis 2:2-3).

Ngayon, araw ng Linggo ang Araw ng Panginoon bilang pagpapahinga ng espiritu. Sa Araw ng Panginoon, nagtitipon tayo sa iglesya, sumasamba sa Diyos, at nakikinig ng mensahe. Mayroon tayong espirituwal na pagkain mula sa langit, nakikipag-ugnayan tayo sa Diyos, at nakikisama sa ibang mga miyembro.

Sa ibang natitirang mga araw, dapat maging masigasig tayo sa pagbabasa ng Salita ng Diyos, na siyang espirituwal na manna, at manalangin ng taimtim. Kung nadadama ninyo ang pag-ibig ng Diyos at nagbibigay ito sa inyo ng espirituwal na manna, at kung nabubuhay kayo ayon sa Salita Niya araw-araw, tiyak na mag-aani kayo ng kamangha-manghang bunga ng pagpapala.

## "Lumakas ang kaluluwa ko nang basahin ko ang *Six-day Manna*"



**Punong Diakonesa Insook Lee,**
54 taong gulang, 18 Parokya, South Korea

Bago ako makadalo sa Manmin, binigyan ako ng isang kakilala ng librong *Six-day Manna*. Habang binabasa ko ito, nagbago ako. Ang librong ito ay punung-puno ng mga mensaheng hindi ko pa narinig noon kahit walong taon na akong Cristiano. Tuwang-tuwa ako, pakiramdam ko, bahagi ako ng mga nakasulat sa libro.

Natanto ko na wala akong nalalaman tungkol sa espirituwal na mga bagay dahil hindi ko batid ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos, ang kalooban Niya sa krus, tunay na pananampalataya, at iba-ibang tirahan sa langit. Batid dapat ng mga Cristiano ang mga bagay na ito. Nagpapasalamat ako dahil natutuhan ko ang mga ito. Higit sa lahat, namangha ako sa katotohanang may magkakaibang sukat ang pananampalataya. Bukod dito, nabigyan ako ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem, ang pinakamabuting tirahan sa kalangitan. Inisip kong, "Dapat akong makarating doon!"

Samantala, lumakas ang kaluluwa ko, at nakadalo ako sa iglesyang ito na puno ng salita ng buhay at maalab na pananalangin. Hallelujah!

# Dahil sa Dakilang Pag-ibig, Binigyan Niya Ako ng Panibagong Buhay

Elder Byeonghee Kim, 50 taong gulang, 12 Parokya



'Humihinga ba talaga ako? Nakakalakad ba ako?'

Parang lumilipad ako ngayon sa langit dahil sa tuwa, iniisip ang tungkol sa pinagdaanan ko.

### Muntik na akong mamatay dahil sa septicemia

Noong Oktubre 23, 2014, nagkasinat ako, naging malala, nanginig ang buong katawan ko, pero hindi ko gaanong binigyan ng pansin. Noong Nobyembre 2, nanakit ang buong katawan ko. Hindi ako makagalaw, makatulog, makaupo, o makatayo. At mas malala pa, nawalan ako ng lakas at malay.

Noong madaling araw ng Nobyembre 4, 2014, isinugod ako sa ospital, isinakay ako sa ambulansya. Nakakabigla ang resulta ng pagsusuri. Ang sukat ng blood sugar ko ay mahigit 500 mg/dl, at ang presyon ng dugo ko ay bumagsak sa 50. Sa totoo lang, tatlong taon na akong may diabetes, pero hindi ko problema ito. Gayon pa man, noong panahong iyon, mababa ang panlaban ko sa mikrobyo. Kumain pa ako ng hilaw na isda, bawal ito sa mga taong may diabetes. Dahil dito nagkaroon ako ng 'hypoalkalinity', isang kondisyon ng hindi pangkaraniwang kakulangan ng tubig sa katawan, pagkatapos, nagkasakit ako sa bato. Mayroon pa akong septicemia (malalang pagkalason ng dugo). Ang sakit na ito ay 90% nakakamatay.

Sinuri ko ang nakaraang buhay ko. Nakita kong nagmamalinis pa rin ako, pinagsisihan ko ito sa harapan ng Diyos. Noong Enero 1993, dinala ako ng asawa ko sa Manmin Central Church. Hinaplos ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang puso ko. Tapat at totoo siya, nadama ko ang pagmamahal niya. Samantala, binago ko ang kalooban ko at naglingkod ng buong puso para sa kaharian ng Diyos. Pero ipinilit ko pa rin ang ideya ko, hindi ko nagawang umasa na lang sa Diyos.

Ipinanganak ako pagkatapos magkaroon ng apat na babaing anak ang mga magulang ko, kaya tuwang-tuwa sila. Siyempre, nasa akin ang atensyon at pagmamahal ng lahat habang lumalaki ako. Naging makasarili ako at mayabang. Pero wala naman akong magawa kapag may karamdaman ako. Natanto ko na wala akong matutupad kahit na anong bagay sa sarili kong kakayahan. Dahil dito, isinapuso ko na nabubuhay ako dahil sa pagpapala ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol.

### Nabuhay ako dahil sa panalangin ng Punong Pastor

Kahit nasa ospital na ako, mataas pa rin ang lagnat ko at masakit pa rin ang katawan ko. Hindi ko maintidihan ang nararamdaman ko. Gumigising ako tuwing dalawang minuto. Noong Nobyembre 6, idinalangin ako ni Rev. Heesun Lee, Tagapayong Pastor ng Misyon para sa Kalalakihan, gamit ang panyong pinanalanginan ng Punong Pastor (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos, naging mahimbing ang tulog ko. Kinabukasan, mataas na naman ang lagnat ko, nanlalamig, at nananakit na naman ang katawan ko.

Noong Nobyembre 8, ika-5:00 ng umaga, ipinatanggap sa akin ni Rev. Lee ang panalangin ng Punong Pastor sa telepono. Pagkatapos ng isang oras, sinuri ang dugo at ihi ko. Nakita sa pagsusuri na nawala na ang malalang septicemia, hypoalkalinity, at kakulangan ng tubig sa katawan. Normal na din ang presyon at temperatura ng katawan ko.Nabawasan na din ang impeksyon. Hallelujah! Himala daw ito sabi ng doktor ko, gulat na gulat siya.

Isinulat ko ang tungkol sa masayang balitang ito sa Punong Pastor ko na nasa bahay panalanginan sa bundok. Taos-puso akong nagpasalamat sa kanya dahil nagkaroon ako ng bagong buhay dahil sa panalangin niya. Kung hindi dahil sa pagpapala ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol, wala na marahil ako sa mundong ito.

Nagputukan nga rin pala ang mga ugat sa katawan ko kaya mapula ang balat ko maliban sa mga bahaging nakikita ng mga tao. Pero nawala rin ito sa loob ng isang linggo, napalitan ito ng malambot na kutis. Pinabuti ng pag-ibig ng Diyos ang kondisyon ng pisikal kong katawan. Bukod dito, nagkaroon ako ng panahon para mag-isip at magbago sa tulong ng malaking pagpapala ng Diyos. Mas nagpasalamat ako at mas pinahahalagahan ko ang mga tao sa paligid ko.

### Naibalik ang buhay ko, kaya ngayon, puno ako ng pagpapasalamat at pagmamahal sa Diyos

Magmula noong nagkaroon ako ng bagong buhay, naging mapagpasalamat ako. Naantig ang puso ko sa pag-ibig ng Diyos sa pagpupuri at pananalangin. Nangungusap sa akin ang mga mensahe sa iglesya; gustong-gusto kong sumamba sa Diyos. Natanto ko ang kahalagahan ng mga kapamilya ko, at nagpapasalamat ako sa Diyos para sa kanila.

Maayos na nagsilaki ang mga anak ko, wala silang problema kahit mga kabataan sila. Malusog din sila, hindi sila naoospital, hindi nila kailangang uminom ng kahit na anong gamot. Ang panganay kong anak na babae, si Kapatid Hyejin Kim, ay miyembro ng Heavenly Dance Team ng Komite ng Pagtatanghal, lider pa siya ng isang grupo. Ang pangalawang anak kong babae, si Kapatid Hyemin Kim ay lider din ng isang grupo. Ang asawa ko, si Punong Diakonesa Sunhee Park ay lider ng mga lider ng mga distritong sinasakop ng ikalawang pinakamalaking Parokya. Ako naman ay bise-presidente ng Misyon ng Kalalakihan. Nagsisikap kami sa paglilingkod sa kaharian ng Diyos at nakakadama ng mas malaking kasiyahan at kagalakan sa pagmamahal ng isa't isa nang higit pa kaysa dati.

Ilan taon na akong nagsasaayos at naghahanda ng mga kaganapan sa retreat sa tag-init ng Manmin. Nakikita ko ng malapitan ang mga makapangyarihang pagkilos na ipinapakita ni Dr. Lee. Nagpapasalamat ako sa napakagandang trabahong ito. Higit pa dito, binigyan ako ng iglesya ng plake ng pagkilala noong taunang pangkalahatang pagpupulong ng iglesya para sa taong 2015. Hindi sapat ang pananalangin at pasasalamat ko sa Diyos!

Pinapasalamatan at minamahal ko ang Punong Pastor na nanalangin para sa akin nang may dakilang pag-ibig at kapangyarihan para magkaroon ako ng bagong buhay kahit muntik na akong mamatay. Tinuturuan niya ako ng katotohanan. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos na buhay, kumikilos Siya sa buhay ko.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714